

PRAYER

- Pasalamatang ang Diyos sa plano Niyang kaligtasan sa atin bago pa man nilikha ang mundo. Pasalamatang Siya sa pagpapala, pagpili, at pag-kupkop sa iyo upang maging bahagi ng Kanyang pamilya.
- Ipanalangin na ang iyong buhay ay maging isang pasasalamat sa ginawa ni Kristo sa krus. Ipanalangin na ikaw ay maging banal at walang kapintasan dahil sa Kanyang ginawa sa iyong buhay.
- Hingin sa Diyos na gawin kang patotoo ng Kanyang pagmamahal, awa, at kabutihan. Ipanalangin na makilala ng iyong mga kapamilya at kaibigan ang Kanyang planong kaligtasan. Ipanalangin ang mga pagkakataon upang maipangaral ang ebanghelyo sa kanila ngayong linggo.

NOTES



© 2018 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot mula sa
Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.

victory.org.ph

THE GREAT EXCHANGE

FILIPINO WEEK 1

Ang Planong Pangkaligtasan

WARM-UP

- Ikuwento ang pinakamadetalyeng plano na nagawa mo. Para saan o kanino ito, at ano ang nangyari sa planong ito?
- Sino ang pinakamadetalyeng tao na kilala mo? Balikan ang isang pangyayari na nagpapakita nito.
- Ano ang pinaka-espesyal na bagay ang ginawa para sa iyo ng isang kapamilya o kaibigan? Ano ang naging tugon mo dito, at paano nito binago ang inyong relasyon?

WORD

*Purihin natin ang Diyos at Ama ng ating Panginoong Jesu-Cristo! Dahil sa pakikipag-isa natin kay Cristo, ibinigay niya sa atin ang lahat ng pagpapalang espirituwal mula sa langit. **MGA TAGA-EFESO 1:3***

(Basahin din ang **MGA TAGA-EFESO 1:4-6.**)

Sumulat si Pablo sa iglesya sa Efeso, kung saan matagal din siyang namalagi. Malapit sila sa kanyang puso at sumulat siya sa kanila upang himukin silang makilala at maisapamuhay ang kanilang pananampalataya. Maganda ang pagkakasulat ng liham na ito kung kaya't itinuturing ito ng mga teologo bilang "Reyna ng mga Liham." Sa mga unang berso ng liham, pinapurihan ni Pablo ang Diyos para sa lahat ng ginawa Niya para sa ating kaligtasan, at ipinaliwanag niya kung ano ang nangyari nang tanggapin natin si Jesu-Cristo bilang ating Panginoon at Tagapaglitang. Binigyang diin ni Pablo na ginawa ng Diyos ang planong iligtas tayo noong una pa man. Tayo ay Kanyang pinagpala, pinili, at itinalaga.

1 Tayo ay pinagpala ng Diyos kay Cristo.

. . . sa pakikipag-isa natin kay Cristo, ibinigay niya sa atin ang lahat ng pagpapalang espirituwal mula sa langit.

MGA TAGA-EFESO 1:3

Kay Cristo, tayo ay nabiyayaan ng *lahat ng pagpapalang espirituwal*. Wala tayong ginawa upang maging karapat-dapat tumanggap ng mga ito, subalit kay Cristo, tayo ay nagkaroon ng pribilehiyo na tumanggap nito. Sa katunayan, kung tayo ay mga tagasunod ni Cristo, maaari nating ikalugod ang mga pagpapalang ito ngayon. Ano ang ilan sa mga pagpapalang espirituwal na natanggap mo simula nang maging tagasunod ka ni Cristo? Ayon sa bersong ito, paano tumugon si Pablo sa paghahayag ng pagpapala ng Diyos?

2 Tayo ay pinili ng Diyos upang maging banal at walang kapintasan.

Bago pa man niya likhain ang mundo, pinili na niya tayo para maging banal at walang kapintasan sa paningin niya.

MGA TAGA-EFESO 1:4

Ang kaligtasan natin ay nasa plano na ng Diyos, at tayo ay pinili upang mamuhay ng marangal, banal, at para sa Kanyang karangalan. Pinulot Niya tayo mula sa makasalanang pamumuhay at ginawa *tayong banal at walang kapintasan*, maaari nang tumayo sa Kanyang harapan. Siya lamang ang may gawa ng lahat ng ito, hindi tayo. Samakatuwid, hindi tayo maaaring umangkin ng anumang papuri para sa ating kaligtasan o kaya ay magyabang. Ngayong alam mo na itinakda ng Diyos ang ating kaligtasan noon pa man, paano ka dapat tumugon sa Kanyang pagmamahal, awa, at kabutihan?

3 Tayo ay itinalaga ng Diyos upang maging Kanyang mga Anak.

⁴. . . Dahil sa pag-ibig niya,⁵noong una pa'y itinalaga na niya tayo para maging mga anak niya sa pamamagitan ni Jesu-Cristo. Ayon na rin ito sa kanyang layunin at kalooban.

MGA TAGA-EFESO 1:4,5

Dahil mahal tayo ng Diyos, sa kabila ng ating kasalanan at rebelyon, itinalaga na Niya noon pa man na gawin tayong bahagi ng Kanyang pamilya. Ayon sa Kanyang plano, ginawa Niya tayong mga anak Niya, tagapagmana ng kaharian at karapat-dapat na tumanggap ng pagpapala ng Ama. Paano nakikitungo ang isang anak sa kanyang ama? Paano nakikitungo ang isang hindi kakilala o bisita sa ama ring ito? Paano lumago ang relasyon mo sa Diyos habang nakikilala mo Siya bilang iyong Ama sa langit?

APPLICATION

- Naniniwala ka ba na itinalaga ng Diyos ang iyong kaligtasan at gumawa Siya ng paraan upang makilala mo Siya? Paano mo maisasapamuhay ang natutunan mo ngayon?
- Paano ka tutugon sa ginawa ni Cristo sa krus para sa kaligtasan mo? Paano mo isasapamuhay ang Kanyang plano para sa iyong kabanalan at kawalan ng kapintasan, simula ngayong linggo?
- Kanino mo maipapangaral ang ebanghelyo ngayong linggo, at maipapahayag ang plano ng Diyos na kaligtasan dahil sa Kanyang pagmamahal, awa, at kabutihan? Ano ang sasabihin mo sa kanila?